

# Upang Maiwasan ang COVID-19 Outbreak

## PAGIWAS SA PAGKALAT NG NAKAKAHAWANG IMPEKSYON

Sa Japan, ang mga hiwa-hiwalay na kaso ng maliliit na bilang ng mga pasyente ay na-observerhan. Sa yugtong ito, maiiwasan natin ang pagkalat ng impeksyon sa pamamagitan ng pagsubaybay sa ruta ng pagkalat/ pagkahawa, lalo na sa mga close contact.

Ang mahalaga ngayon ay **maiwasan ang maliliit na kumpol (cluster) ng mga pasyente na gumawa ng bagong kumpol**. Ito ay upang mabawasan ang pagkalat sa bansa ng impeksyon sa hinaharap.

<Katangian ng Ruta ng Pagkalat/hawa>

“Maliit na kumpol (cluster) ng mga pasyente”= Ito ay grupo ng ilang bilang hanggang ilang dosena ng pasyente na sinusubaybayan ang ruta ng pagkahawa.

- ◆ Sa ngayon, 80% ng mga taong infected sa Japan ay hindi nakahawa sa ibang tao.
- ◆ Sa kabilang banda, mayroong mga ulat ng **maraming kaso ng nahawaan dahil sa isang tao na may impeksyon sa mga sports gym, houseboats, buffet-style dinner, mahjong parlor, ski guesthouse, at saradong mga tolda**.

Samakatwid, ang karaniwang punto ng mga outbreaks ay malala sa **mga lugar na “hindi maganda ang bentilasyon”, “nagtatagal at nagtitipon ang mga tao”, “malakas ang chance na makaka-contact sa hindi matukoy na maraming bilang ng mga tao”**.

## PAKIUSAP SA MGA MAMAMAYAN NG BANSA

- ◇ Iwasan ang mga lugar na **hindi maganda ang bentilasyon, at mga lugar na nagtatagal at nagtitipon ang mga tao**.
- ◇ Ang mga taong nago-organisa ng mga event, malaki man o maliit, ay kailangan isaisip kung maganda bang ituloy ito o hindi. Ito ay dahil ang mga lugar o kwarto na walang bentilasyon kung saan nag-uusap ng malapitan ang mga tao ay mas mataas ang panganib mahawa ng impeksyon. Kung hindi maiwasan ipagpatuloy ang event, gumawa ng mga paraan upang **maiwasan gawin ito sa mga lugar na hindi maganda ang bentilasyon**, atbp.

Ang kaalaman sa kasalukuyan ay itinuturing na kinakailangang pag-iingat sa sandaling ito. Maaaring magbago ito alinsunod sa epidemiological na pagsusuri at impormasyon na makukuha sa hinaharap.

Ang Ministry of Health, Labor at Welfare, sa pakikipagtulungan ng lokal na pamahalaan kung saan naganap ang kumpol na impeksyon, upang maisagawa ang maagang pagtuklas ng paglaganap ng kumpol, pag-hire ng specialist teams, pagkolekta at pagsusuri ng data, atbp, ay lumikha ng isang "Cluster Countermeasure Team" kasama ng mga infectious disease specialists ng bansa at nagtatrabaho upang magbigay ng suporta sa bawat rehiyon.